Pangalan:______________________________________ Linggo: __________________

Baitang&Pangkat:__________________________________ Petsa: _____________

# SANAYANG PAPEL 4, PAKSA: SULIRANIN SA SEKTOR NG AGRIKULTRA, PANGINGISADA AT PAGGUGUBAT

## GABAY

**PinakamahalagangKasanayangPampagkatuto (MELC):**Nasusuri ang mga dahilan at epekto ng suliranin sa sektor ng Agrikultura, Pangingisda at Paggugubat

Pagkatapos sagutan ang sanayanag papel na ito ang mag-aaral ay inaasahang:

1. nailalahad ang bahaging ginagampanan ng agrikultura, pangingisda at paggugubat sa ekonomiya at sa bansa;
2. naiisa-isa ang mga dahilan at epekto ng suliranin sa bawat sektor ng agrikultura, pangingisda at paggugugbat sa bawat Pilipino; at
3. nakagagawa ng mungkahi na maaring maging solusyon sa kasalukuyang suliranin ng tatlong sector.

## ENGGANYO

Ang agrikultura ay isang agham, sining at gawain ng pagpoprodyus ng pagkain at hilaw na mga produkto, na tumutugon sa pangangailangan ng tao. Ang Pilipinas ay isang bansang agricultural dahil malaking bahagi nito ang ginagamit sa mga gawaing pang- agrikultura. Malaking bilang ng mga mamamayan ang nasa sector na ito ng ekonomiya.

Ang Sektor ng agrikultura ay nakapaloob ang Paghahalaman, Pangingisda, Paghahayupan at Paggugubat

**Paghahalaman.** Maraming mga pangunahing pananim ang bansa tulad ng palay, mais, niyog, tubo, saging, pinya, kape, mangga, tabako, at abaka. Ang mga pananim na ito ay karaniwang kinokonsumo sa loob at labas ng bansa.

**Paghahayupan.** Ang paghahayupan ay binubuo ng pag-aalaga ng kalabaw, baka, kambing, baboy, manok, at pato. Layunin ng paghahayupan ang pag suplay ng ating mga pangangailangan sa karne at iba pang pagkain. Ang paghahayupan ay gawaing pangkabuhayang kinabibilangan ng ating mga tagapag-alaga ng hayop.

**Pangingisda.** Itinuturing ang Pilipinas bilang isa sa mga pinakamalaking tagatustos ng isda sa buong mundo. Samantala, ang pangingisda ay nauuri sa tatlo - komersiyal, munisipal at aquaculture.

1. Ang **komersyal na pangingisda** ay tumutukoy sa uri ng pangingisdang gumagamit ng mga bangka na may kapasidad na hihigit sa tatlong tonelada para sa mga gawaing pangkalakalan o pagnenegosyo. Sakop ng operasyon ay 15 kilometro sa labas ng nasasakupan ng pamahalaang bayan.

**2.** Ang **municipal na pangingisda** ay nagaganap sa loob ng 15 kilometro sakop ng munisipyo at gumagamit ng bangka na may kapasidad na tatlong tonelada o mas mababa pa na hindi nangangailangan na gumamit ng mga fishing vessel.

**3.** Ang **pangisdang aquaculture** naman ay tumutukoy sa pag-aalaga at paglinang ng mgaisda at iba pang uri nito mula sa iba't ibang uri ng tubig pangisdaan - fresh (tabang), brackish (maalat-alat) at marine (maalat).

Bahagi din ng gawaing pangingisda ay ang panghuhuli ng hipon, sugpo, at pag-aalaga ng mga damong dagat na ginagamit sa paggawa ng gulaman.

**Paggugubat.** Ang paggugubat ay isang pangunahing pang- ekonomikong Gawain sa sektor ng agrikultura. Patuloy na nililinang ang ating mga kagubatan bagamat tayo ay nahaharap sa suliranin ng pagkaubos ng mga yaman nito.

Mahalaga itong pinagkukunan ng plywood, tabla, troso, at veneer. Bukod sa mga nabanggit na produkto, pinagkakakitaan din ang rattan, nipa, anahaw, kawayan, pulot-pukyutan at dagta ng almaciga.

**Narito ang mga suliranin sa larangan ng sektor ng Agrikultura:**

**A. PAGSASAKA**

1. Pagliit ng lupang pansakahan
2. Paggamit ng teknolohiya
3. Kakulangan ng mga pasilidad at imprastruktura sa kabukiran
4. Kakulangan ng suporta mula sa iba pang sector
5. Pagbibigay- prayoridad sa sector ng industriya
6. Pagdagsa ng mga dayuhang kalakal
7. Climate Change

**B. PANGISDAAN**

1. Mapanirang operasyon ng malaking komersyal na mangingisda
2. Epekto ng polusyon sa pangisdaan
3. Lumalaking populasyon sa bansa
4. Kahirapan sa buhay ng mga mangingisda

**C. PAGGUGUBAT**


1. Mabilis na pagkaubos ng mga likas na yaman lalo na ng kagubatan

*Source: Department of Education. (2015). Ekonomiks Araling Panlipunan Modyul para sa Mag-aaral p. 363-374.*

# TALAB

**Gawain-1 Graphic Organizer**

**Panuto**: Isulat sa loob ng mga blanking bilog ang kapakinabangang nakukuha ng tao at bansa sa sektor ng agrikultura.




# RUBDOB

**Gawain- 2 Liham Solusyon**

**Panuto**: Sumulat ng isang liham para sa ating Pangulo na naglalaman ng iyong mungkahi o solusyon ukol sa iyong nakikitang suliranin sa sektor ng agrikultura. Gawing gabay ang rubric na nasa ibaba sa paggawa ng liham.

Rubric sa Paggawa ng Liham:

| **Puntos** | **20** | **15** | **10** |
|---|---|---|---|
| Salitang Ginamit | Maayos at magalang ang mga salitang ginamit Nauunawaan ang mensahe ng sulat. | Magalang ang ibang salita, ngunit mayroon di maunawaan | Hindi maayos ang mga salitang ginamit kaya't di maunawaan ang mensahe ng sulat. |
| Komposisyon | Malinis at maayos ang kabuuang sulat | Malinis ngunit nagmamadali ang pagsulat | Hindi nagging maayos ang kabuuang nilalaman ng sulat |

**Gawain 3- T-Tsart**

Panuto: Isulat sa kaliwang hanay ng tsart ang mga suliraning iyong napuna sa sektor ng agrikultura. Sa kanang hanay naman ng Tsart at isulat mo ang iyong naisip o mungkahing solusyon

**Mga Suliranin sa Sektor ng Agriklutura: Mungkahing Solusyon**

## IRAL

**Panuto**: Basahin mabuti ang mga tanong sabawat bilang at bilugan lamang ang titik na tamang sagot.

1. Malaki ang tiwala ni Mang Kanor na makakabawi siya sa gastusin sa kanyang sakahan sa pagkat nakikita niyang sagana sa bunga ang kanyang pananim. Kaunting panahon na lamang at maari na itong anihin. Bago dumating ang takdang araw ng anihan ay nag anunsyo ang media na may darating na malakas na bagyo sa lugar nila, kung ikaw ang nasa kalagayan ng magsasaka ano ang iyong gagawin?

   A. Palilipasin ang bagyo at sakana mag-aani sa pagkat yun ang takdang araw ng pag-aani.
   B. Mananalangin na huwag dumating ang bagyo
   C. Magbebenta ng produkto kahit di na ani para makabawi sa gastos
   D. Aanihin ng mas maaga ang maari nang anihin upang mapakinabangan kaysa tuluyang masira lahat.

2. Sapat ang kaalaman ng mga magsasaka sa pagtatanim, at lubos din ang kanilang ginagawang kasipagan sa napiling trabaho. Ngunit marami sa kanila ay nalulugi at di na muling nakakaulit sa pagsasaka. Ano ang pinakamabigat na suliranin sa ganitong sitwasyon ng mga magsasaka?

   A. Kakulangan ng makabagong teknolohiya
   B. Kawalan ng suporta ng pamahalaan
   C. Mataas na gastusin sa pagsasaka
   D. Kawalan ng kapital

3. Lumaki sa bukid si Val at pagtatanim ng gulay ang hanap buhay ng kanyang ama,sa ganoong sitwasyon ay nakatapos siya ng pag-aaral, di naglaon ay nakapag trabaho siya sa kanilang bayan.Tumigil narin ang kanyang ama sa pagsasaka dahil narin sa katandaan nito. Pagkalipas ng panahon ay nagging sentro na ng kalakalan ang kanilang dating sakakan at marami ang nag-aalok na bilhin ito sa kanya upang tayuan ng mga gusaling magagamit sa pagnenegosyo. Ano ang dapat gawin ni Val?

   A. Ipagbili ang lupa sa tamang halaga para kumita siya ng malaking pera at bumili ng bagong lupang sakahan.
   B. Siya na lamang ang magpatayo ng bagong gusali sa kanilang sakahan.
   C. Huwag ipagbili ang lupa dahil tiyak na magkakaroon ng kulang ng suplay ng produkto na magiging sanhi ng pagtaas ng presyo nito.
   D. Huwag ipagbili, ngunit paupahan na lamang ito at doon magtinda ng mga produktong galing sa ibang sakahan.

4. Sa bilang na tatlo kung mapagpasyahan ni Val na ipagbili ang kanyang sakahan, anong suliraning pang agriklutura ang maaring mangyari?

   A. Mataas na presyo ng kagamitan sa pagsasaka at pagtaas ng presyo ng produkto nito.
   B. Mababang pagbili ng lupa at mataas na presyo ng produkto nito
   C. Pagpapalit ng lupang sinasaka at tataas ang presyo ng dating produkto na nakatanim dito.
   D. Magkukulang ng suplay sa kanilang bayan at mawawalan ng kapital ang mga magsasaka.

5. Si Abner ay isang negosyante sa kanilang bayan. Mayroon din siyang palaisdaan sa kanilang baryo, mahigpit ang kanyang pagbabantay sa mga sakunang darating upang maiwasan ang pagkalugi. Minsan ay nag-ani siya ng maaga kaysa sa takdang panahon ng tamang pag- aani, hindi man kalakihan ang mga isdang inani ay naibenta nya ito lahat sa murang halaga at kumite siya ng kakaunti. Tamaba ang ginawa niya?

   A. Oo, dahil masasayang ang mga isda dahil tatangayin ito ng baha.
   B. Oo, dahil maari na itong anihin at ipamigay sa kanilang kapitbahay
   C. Hindi, dahil maari niyang gawaan ng paraan ang pagdating ng bagyo upang di mapinsala ang *fishpen.*
   D. Hindi dahil tiyak ang kanyang pagkalugi at mawawalan siya ng kapital

*Reference:*

Illustration:
https://steemit.com/steemph/@twotripleow/ika-19-na-araw-para-sa-buwan-ng-wika-alagang-hayop-734b0e54f59c8est
http://retiredanalyst.blogspot.com/2020_05_07_archive.html
https://www.pinterest.ph/pin/530228556127967928/

**TEACHER'S FEEDBACK**

______________________________________________

______________________________________________

**SELF-MONITORING**

Pangalan: ______________________________ Linggo: ______________

Baitang&Pangkat: ______________________________ Asignatura: ______________

| **Para sa Mag-aaral(*Tapusin mgapangungusap)*** | |
|---|---|
| Nahirapanakongunawain at gawin / sagutan ang bahaging... | |
| Nadalianakongunawain at gawin / sgutan ang bahaging ... | |
| Kailangan ko pa ng tulongupanglalongmaunawaan ang .... | |

| **Para samagulang(*Lagyan ng tsek ang inyongsagot)*** | | | |
|---|---|---|---|
| Nagawa ng akinganak ang mgapagsasanay ... | | Ang akinganak ay ... | |
| | Nangsiyalamang mag-isa, walangtumulong | | Nasagutan ang lahat ng mgapagsasanay |
| | na may kauntingtulongsapagsasagotmulasaiba | | Nasagutan angibangpagsasanay at ang iba ay hindi |
| | Namaraming hiningingtulongsapagsasagotmulasaiba | | Hindinasagutan ang lahat ng pagsasanaydahilmasyadongmahirap |